



PATNUBAY SA MISA

11 Pebrero 2018

Ika-6 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon B

Walang Itinatakwil sa Tahanan ni Kristo

Higit pa sa ating lipunan ngayon, gayon na lang ang pagtatakwil sa mga ketongin noong panahon ni Hesus. Kaiba sa lahat ng tao nang panahong iyon, si Hesus ay nalalapitan ng mga ketongin; pinagaling niya ang marami sa kanila at pinasigla niyang muli ang kanilang katawa't kaluluwa.

Maraming uri ng “ketong” sa ating lipunan: ketong na pisikal, mga kapansanan, pagkagumon sa ipinagbabawal na gamot, labis na kahirapan, at kamangmangan . . . Bilang mga disipulo ng Panginoon, tayo’y inaasahang magpakita sa maraming “itinakwil” sa ating kapaligiran ng parehong malasakit at praktikal na pagmamahal na ipinakita niya sa mga ketongin ng kanyang panahon. Ilapit nawa tayong lalo ng pagdiriwang ng Eukaristiyang ito sa banal nating Huwaran at ikintal nawa sa ating lahat ang masiglang pagkahabag sa lahat ng nilalayuan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Diyos ko, ikaw ang kublihan, tagapagtanggol kong tunay. Iligtas mo’t patnubayan yaring aking abang buhay sa ngalan mo’y umiiral.

Pagbati

P– Ang biyaya at kapayapaan ng Diyos Ama at ng Panginoong Hesukristo ay sumainyo.

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Ang Panginoong Hesus ay siyang bukod-tanging makapagpapagaling sa atin sa ketong ng pagkakasala. Buong kababaang-loob at pananalig nating hilingin sa kanyang linisin niya tayo sa ating mga kasalanan. (Manahimik saglit.)

P– Panginoong Hesus, nilapitan mo’t pinagaling ang maraming ketongin noong kapanahunan

mo. Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, ang puso mo’y puspos ng habag sa lahat ng nagdurusa at itinatakwil. Kristo, kaawaan mo kami!

B– Kristo, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, itinatag mo ang Sakramento ng Pagbabalik-loob para sa pagpapatawad ng mga kasalanan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong

Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, pinangangatawanan mong manahan sa mga may loobing tapat at maaasahan. Sa kagandahang-loob mo kami nawa’y makapamuhay bilang mga mapalad na maging iyong tahanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Lev 13:1-2. 44-46*

Noong matandang panahon, ang ketong ay itinuturing na sakit na nakahahawa at sa gayo'y isang panganib sa kalusugan ng pamayanang walang sapat na gamot na panlaban dito. Kaya nga, mahigpit ang babala sa sipi para ngayon.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ng Levitico

Sinabi ng Panginoon kina Moises at Aaron, “Kung ang balat ninuman ay magbago ng kulay, mamaga o kaya’y magkaroon ng singaw na parang ketong, dadalhin siya kay Aaron o sa mga anak niyang saserdote. Ituturing siyang marumi at di ito dapat kaligtaang ipahayag ng saserdote.


Ang may ketong ay dapat mag-suot ng sirang damit, hindi mag-susuklay, tatakpan ang kanyang nguso at laging sisigaw ng ‘Marumi! Marumi!’ Hanggang may sugat, siya’y ituturing na marumi at sa labas ng kampamento mamamahay na mag-isa.”

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 31*

B—Sa ‘yong tulong at pagtubos ako’y binigyan mong lugod!

R. M. Velez



* Mapalad ang tao na pinatawad na yaong kasalanan, at nalimot na rin ang kanyang nagawang mga pagsalansang. Mapalad ang taong sa harap ng Poon ay di naparatangan dahil sa siya ay di nagkasala at hindi nanlinlang. **B.**

* Ako ay lumapit sa iyong harapan at sala’y inamin, ang aking ginawang mga pagsalansang di ko inilihim. Pinagpasiyahan kong ang lahat ng ito sa iyo’y idaing, at aking natamo

ang iyong patawad sa sala kong angkin. **B.**

* Lahat ng matuwid at tapat sa Poon, magalak na lubos, dahil sa natamo nilang kabutihang kaloob ng Diyos. Sumigaw sa galak ang lahat ng taong sa kanya’y sumunod! **B.**

Ikalawang Pagbasa *1 Cor 10: 31-11:1*

Narito ang isang maikli ngunit masaklaw na buod ng kung ano ang dapat nating maging pakikitungo sa Diyos at sa kapwa.

L—Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid:

Kung kayo’y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos. Huwag kayong maging sanhi ng pagkakasala ninuman – ng mga Judio, ng mga Griego, o mga kaanib sa Simbahan ng Diyos. Ang sinisikap ko nama’y mabigyang kasiyahan ang lahat ng tao sa bawat ginagawa ko; hindi ko hinahanap ang sarili kong kapakanan kundi ang kapakanan ng marami, upang maligtas sila.

Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Aleluya *Lu 7:16*

B—Aleluya! Aleluya!
Narito at dumating na, isang dakilang propeta, sugo ng Diyos sa bayan n’ya.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mc 1:40-45*

Ang pagkahabag ni Hesus sa isang ketongin at ang kanyang nakagagaling na pamamagitan ay sumasagisag sa kaligtasang dulot niya sa lahat ng nagdurusa ng ketong ng pagkakasala.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, may isang ketonging lumapit kay Hesus, nanikluhod at nagmakaawa: “Kung ibig po ninyo’y mapagagaling ninyo ako.” Nahabag si Hesus at hinipo siya, sabay ang wika, “Ibig ko. Gumaling ka!” Noon di’y nawala ang ketong at gumaling ang tao.

Pinaalis siya agad ni Hesus matapos ang ganitong mahigpit na

bilin: “Huwag mong sasabihin ito kaninuman. Sa halip ay pasuri ka sa saserdote. Pagkatapos, maghandog ka ayon sa iniutos ni Moises, upang patunayan sa mga tao na ikaw ay magaling na.”

Ngunit umalis siya at bagkus ipinamalita ang nangyari, anupa’t hindi na hayagang makapasok ng bayan si Hesus. Naroon na lamang siya sa labas, sa mga ilang na pook, at doon pinagsasadya ng mga tao buhat sa iba’t ibang dako.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Pinasisigla ng kahandaan ng pagtugon ni Hesus sa pakiusap ng isang ketongin sa sipi ng Ebanghelyo ngayon, buong pananalig nating idulog sa kanya ang ating mga kahilingan at sama-sama tayong manalangin:

B—Panginoon, dinggin mo kami!

* Nawa ang pamayanan ng mga sumasampalataya, sa gabay ng halimbawa ng kanilang mga namumuno, ay kumalinga sa mga maysakit na tulad ng ipinakita

ni Hesus sa mga ketongin ng kanyang panahon. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng sumasampalataya ay masiglang magpagaling sa kanilang karamdamang espirituwal kung paanong pinanabikan nilang gumaling sa kanilang mga sakit na pisikal. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng nasa paglilingkod pangkalusugan ay tumupad sa kanilang tungkulin di lamang nang buong husay kundi nang buo ring pakikiisa sa kanilang mga kapatid. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng kalahok sa espirituwal na pagpapagaling ay makatupad sa kanilang tungkulin nang buong ingat at habag na tulad ng kay Kristo. Manalangin tayo!**B.**

* Nawa lahat tayo ay laging magbigay-luwalhati sa Diyos sa lahat ng ating isipin, sabihin, o gawin. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating pansariling mga kahilingan. (*Tumigil sandali.*) Manalangin tayo! **B.**

P –Panginoong Hesus, Banal na Tagapagpagaling, gawin mo kaming matatag upang kami man ay maging mga kasangkapan ng iyong nakagagaling na pagmamahal. Ikaw na nabubuhay at nakapagliligtas magpakailanman. **B –Amen!**



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, kami nawa’y dalisayin at panibaguhin ng aming gaganaping paghahain. Kami nawa’y itaguyod ng gaganing naming ito sa pagnanais naming sundin ang loob mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen!**

Prepasyo VI

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo’y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Sa pagkaing ibinigay ng Panginoong Maykapal ay nasiyahan ang

tanan. Kanilang inaasaha’y nagkamit ng katuparan.

Panalangin Pagkapakinabang

P – Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa banal na pakikinabang ay gawin mong laging manabik na pagsaluhan ang kaloob mong ito sa aming ikabubuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen!**



P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Ipalaspas nawa sa inyo ng Diyos ng lahat ng kasiyahan, ang init ng Kanyang yakap at ang kagalakan ng Kanyang pagtanggap!

B – Amen!

P – Pagalingin Niya nawa kayo sa lahat ninyong sakit at dinaramdam at pagkalooban nawa kayo ng kalusugan at lakas!

B – Amen!

P – Nawa gawin Niya kayong mga sugo ng Kanyang nakagagaling na pagmamahal sa lahat ng makatagpo ninyo sa buhay!

B – Amen!

P – Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P – Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo.

B – Salamat sa Diyos!

Nais ba ninyong malaman ang mensahe ng Diyos sa inyo ngayon?

Basahin ang
“ANG SALITA NG DIYOS”

ni Fr. John Larrea, SDB

at namnamin ang kayamanan ng Banal na Kasulatan.



(*May kasamang masaklaw na katesismo at tekstong liturhiko para sa bawat Linggo at Kapistahan.*)
May bersiyon din nito sa Inggles.

Mabibili na ngayon sa
Word & Life Center sa Makati

Pagsugpo sa Lahat ng Anyo ng Ketong

Ang AIDS ay siyang kilabot ng anapakaraming tao ngayon. Ang mga taong dinapuan nito ay kadalasang iniwasan at isinusumpa sa pag-iisa. Ang pagtakwil na ito ng lipunan ay nagdudulot ng higit na pait sa paghihirap ng pasyenteng may AIDS. Gugustuhin ninuman na sana ang nakatakot na sakit na ito'y di kailanman umiral.

Noong panahon ni Hesus, ang ketong ang sukdulang kasawiang-palad na maaaring dumapo sa isang tao; ito ang AIDS ng mga panahong iyon. Samantalang ang ibang uri ng mga pasyente ay kinaawaan at inaalagaan, ang mga ketongin ay iniwasan maging ng kanilang mga kamag-anak. Pinagbabawalan silang lumapit sa isang malusog na tao. Kung subukin nila itong gawin, sila ay itinataboy at binabato . . . Sila ay kinailangang manirahan sa mga kuweba at banging malayo sa tirahan ng ibang tao, hiwalay sa ano mang uri ng buhay-lipunan. (Sangguniin ang *Unang Pagbasa* ngayon.)

Impiyerno ang kahulugan ng ketong sa buhay na ito. Kahila-hilakbot ang hitsura ng isang taong may malala nang ketong. Umiwas ang mga taong tumingin sa kanila.

Si Hesus ay hindi tumulad sa namamayaning pagtingin sa mga ketongin. Naparito siya para sa mga maysakit at sa mga itinakwil, at siya ay nanatiling tapat sa kanyang misyon. Kahit na ang sukdulang itinakwil – ang ketongin, ay lumapit sa kanya, hindi siya umiwas o natakot. Hindi lamang niya sila tinanggap, bagkus, kanya pang “*iniinat ang kanyang kamay at hinipo sila.*” (Sangguniin ang *Ebanghelo* ngayon.) **Ang mahabaging pag-ibig na naramdaman ni Hesus para sa lalaking itinampok sa Ebanghelyo ngayon ay nangibabaw sa pandidiri sa mga sugat sa mga braso at paa ng ketongin.** Salamat sa kanila, isang tao ang napagaling. Isang tao ang naligtas. At siya at ang lahat ng iba ay nagbigay-puri sa Diyos.

Ang ketong ay hindi na lamanap at kinatatakutan sa ating panahon. Ang makabagong medisina ay marami nang nagawa upang ito ay masugpo.

Subalit **ibang uri ng ketong, yaong ketong na espirituwal na ang tawag ay kasalanan, ay naririto pa sa atin.** Ito ay nakaaapekto hindi lamang sa iilan kundi sa lahat ng tao. Ang bunga nito sa atin ay higit na mapaminsala kaysa ketong o AIDS.

Sino ang makapag-liligtas sa atin sa gayong salot? Walang maidulot na panlunas ang pagsulong sa agham at teknolohiya. Tanging si Hesus lamang. **lisa lamang ang pag-asa nating mga ketonging espirituwal ng ating panahon: si HESUS.** Ang tanging panlunas ay ang kanyang mahabaging PAG-IBIG. Ang pakumbaba nating panalangin ay iyong nasa Ebanghelyo ngayon:

“Kung ibig po ninyo’y mapagagaling ninyo ako.” (Mc 1:40)



Tantuin ang kadakilaan ng pag-ibig ni Kristo para sa'yo. Pagnilayan ang kanyang pagpapakasakit, kamatayan, at muling pagkabuhay:

ANG BAGONG DAAN NG KRUS

- May edisyong Ingles at Tagalog
- Polyeto (Kulay / B&W)
- Leaflets
- Posters
- Taraulins (by order)
- Powerpoint Presentation

Mabibili sa Word & Life Bookstore sa Don Bosco Compound, Makati at piling bookstores. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 894-5401 / 02.



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua